

# PROLOGUE

## *Days With Him*

### Nikita's POV

Day One...

“Everyone, meet the newest addition to our class, Yza Joan and Yto Jose. Kambal sila. Say ‘good morning’ to them.”

“Good morning, new classmates!”

I couldn’t wipe the smile on my face when I first saw the boy with those pesky cute cheeks. Ang taba-taba ng mga pisngi niya pagkatapos ay ang haba pa ng buhok niya. Ang cute niya! Gusto ko siyang maging kaibigan.

Nginitian ko siya noong napadaan siya sa tapat ng chair ko, pero hindi niya ako pinansin. Sinundan ko siya ng tingin. Nagtungo sila ng kakambal niya sa likod. Siya pa mismo iyong nagtanggal ng bag ng kapatid niya sa likod nito pagkatapos ay inilagay sa tabi. Naupo silang dalawa. Nakita kong hinawakan niya pa iyong kamay ng kakambal niya.

Napatingin siya sa direksyon ko. Ngumiti ako. Gusto kong ipakita sa kanya iyong dimple ko, pero hindi naman siya nag-smile back. Napanguso ako. Ang sungit naman niya!

“Huy, Niki! Ano’ng titingnan mo?” Lumingon ako sa katabi kong si Zachary Drew. Nakatingin siya sa akin. “Penge ng candy.”

“Tse! Ang panget mo!” Dinilaan ko siya pagkatapos ay sinilip ko ulit iyong boy na may cute cheeks.

“Class, listen. What are odd numbers?” tanong ni Teacher

Cheska. Nakita kong nagtaas ng kamay iyong bago naming classmate. Kahit nakataas na ang kamay niya, hawak niya pa rin iyong kamay ng batang babae.

“Yes, Yto Jose?” tawag sa kanya ng guro namin. Tumayo siya.

“Odd numbers cannot be divided evenly. Examples of these are 1, 3, 5, 7, 9, 11, 13, 15, 17, 19 and so on and so forth.”

Namilog ang mga mata ko. Ang talino pa niya! Ako ay hindi masyadong matalino sa math pero si Yto Jose...

Tumingin muli siya sa direksyon ko. Ngumiti ulit ako. Nakita kong lumabi siya pagkatapos ay umupo ulit. Napahagikgik ako. Ang cute talaga niya! Crush ko na siya.

Narinig kong nag-ring ang bell. Recess na pala. Kinuha ko iyong baunan ko saka nilapitan ang mga bago kong classmates.

“Nagugutom ka na, ’noh, Yto? Naririnig ko iyong tiyan mo,” sabi ng batang bungi.

“Hi!” Binati ko sila. Tumingin sa akin iyong batang bungi. “Ako si Nikita Cyrene Kerkmez,” pakilala ko sa sarili ko.

“Ako si Yza Joan Ybarra, siya naman si Yto Jose Ybarra. Kambal kami,” pakilala niya sa sarili at sa kapatid niya.

“May baon ako, gusto ninyo share tayo?” alok ko sa kanila. Lumabi ang bago kong crush.

“S’abi ni Nanay, Yza, baon lang natin ang kainin natin. Bad manghingi,” sabi niya sa kanyang kapatid.

“Hindi naman kayo nanghihingi, binibigay ko. S’abi ni Momsi, always share food with your friends. I’m sharing kasi friends ko na kayo.”

“Talaga? Friends na tayo?” tanong sa akin ni Yza.

“Oo naman basta friends na rin kami ni Yto.” Ngumiti ako

sa kanya. Ipinapakita ko talaga ang dimple ko kasi sinabi ni Popsi ko, mas maganda ako kapag nakalabas ang dimple ko. Pero parang hindi siya nagagandahan sa ‘butas’ na iyon sa pisngi ko.

Ngumiti na lang ako.

Di bale, crush ko naman siya at alam kong darating ang panahon, magiging crush niya din ako.



Day one thousand eight hundred twenty-six...

“Yto, bakit ba ang sama ng ugali mo sa akin? Grade seven na tayo, pero hindi mo pa rin ako crush?! What’s wrong with you? Kulang pa bang ipangalandakan ko sa buong *Marian* na ikaw ang ultimate crush ko?!”

Hindi huminto si Yto sa paglalakad. Dala pa rin niya iyong bag niya. Kipkip niya pa rin ang mga librong hiniram niya sa library, mukhang ayaw niya talagang makausap ako. Galit ulit siya sa akin dahil isinigaw ko sa library na crush ko siya. Wala namang masama roon.

Tinanong kasi ako ng librarian kung ano ang sinisilip ko sa gitna ng mga bookshelf. Inamin ko naman na nagpunta lang ako sa library para kay Yto. Hindi ako nagpunta roon para mag-arál. Gusto ko lang siyang titigan.

“Layuan mo na ako, Niki, p’wede? Kahit kailan hindi lalagpas sa classmate ang tingin ko sa ’yo.”

“Ah, ganoon? Sinasabi mo lang iyan dahil nabubulagan ka ng kagandahan ni Samantha, pero mas maganda naman talaga ako sa kanya especially when you look at my dimple!” I yelled. Napapadyak pa ako. Nasa gitna kami ng pathwalk at hindi ako nangingiming ipagsigawan na gusto ko siya dahil iyon ang turo ni

Momsi at ni Popsi: Kapag may gusto, kailangan sabihin. Life is too short to live it in fear. And that's exactly what I'm doing.

"Just go home, Niki. Uuwi na rin ako."

Tinalikuran niya ako. Okay lang naman sa akin iyon. Darating din ang panahon, mapupunta sa akin si Yto Jose Consunji.



Day three thousand two hundred eighty-seven

"Ano? Girlfriend ni Yto si Anna? Ano'ng meron kay Anna na wala sa akin?!"

Gigil na gigil ako habang kausap ko si Yza sa telepono. Nasa bahay ako noon, nilalagnat. Sinabi ni Momsi na huwag na daw muna akong lumabas dahil baka lalo akong magkasakit.

"Kumalma ka, Nikita. Wala na, sinagot na daw siya ni Anna."

Hindi ko na nagawang magpaalam kay Yza sa telepono.

Wearing my *Hello Kitty* slippers and my *Hello Kitty* jammies, I got out of my room and went downstairs. Sinilip ko muna si Momsi, nasa kusina siya at naamoy ko na ang chicken soup na niluluto niya para sa akin.

Tumakbo ako palabas ng bahay. Nilalagnat ako saka medyo umaambon pa, pero hindi ko alintana. Nakasalalay dito ang nararamdaman ko para kay Yto. Hindi na lang ito simpleng crush. Mahal ko na kaya siya! Na-realize ko iyon noong day two thousand five hundred fifty-seven ko na siyang kakilala.

I know I'm too young, pero okay lang naman. Popsi said that love comes in a much unexpected time and this is my unexpected time. Wala namang problema sa akin kung mahal ko si Yto at the age of fifteen. Alam ko at naniniwala ako na si Yto at ako ay para sa isa't isa.

Narating ko ang village kung saan nakatira si Yto kahit na mabagal akong maglakad. Nagtuloy ako sa bahay nila at doon nakita ko si Yto na kausap si Zachary Drew sa labas ng gate. Nagtatawanan sila. Nilapitan ko siya pagkatapos ay hinampas sa balikat.

“How dare you!” sigaw ko sa kanya. “Bakit nakipag-girlfriend ka kay Anna? Alam mo naman how much I love you!” Malat na malat man ako, sinisigawan ko pa rin siya.

“Niki, ano ba’ng ginagawa mo dito?” tanong niya na mukhang gulat na gulat.

“Ano’ng ginagawa ko? This is me fighting for you! Hindi ako papayag na makuha ka ng iba! Akin ka, Yto!”



Day four thousand seventeen...

“Yes! Graduate na ako ng college!”

Iyon ang una kong isinigaw pagkalabas ko ng *PICC* kung saan ginanap ang graduation rites namin. Agad kong niyakap na si Momsi at Popsi pagkatapos ay lumapit ako kina Ate Lindy at Kuya Daniel. Kompleto ang pamilya ko ngayon dahil nagtapos ang pinakamagandang supling nina Hanna at Antoy Kerkmez.

“Momsi, look, oh... ang ganda ko talaga dito sa picture taken by Kuya.”

“Siyempre, baby girl, mana ka kay Popsi.” Hinalikan ako ni Popsi sa pisngi.

“Ano, sa ’yo na naman?” narinig kong reklamo ni Momsi. Natawa na lang kami ng mga kapatid ko. Nagyaya na si Kuya Daniel na umalis. Kakain pa kasi kami sa labas, but then I saw Yto with his new girlfriend Mindy. Nag-kiss pa sila. I made a face.

Tumalikod iyong babae. Ang kapal ng mukha!

“Momsi, Popsi, susunod na lang ako sa car,” paalam ko.

Pinuntahan ko si Yto. Nakatayo lang siya doon habang tinatanggal ang necktie niya. Nang makita niya ako ay sumimangot agad siya.

“Congratulations, Yto ko!” sabi ko sa kanya, sabay yakap. I was actually expecting that he would push me away, pero hindi at natuwa ako dahil doon. He let me hug him for like a minute. Ako na rin ang kumalas matapos niyon. Kinikilig ako.

“Masaya ka na?” There was a hint of smile on his face. I shrugged.

“Mas masaya kung sasagutin mo na ako, Yto ko.” Lumapit ako sa kanya. I put my arms around his neck and shoved myself closer to him. I saw his cheeks turn a little bit scarlet. Napahagikgik ako. I think I’m affecting him in a way na nakakakilig. “Yto ko...”

“Niki, stop,” he said. I could hear the warning bells in his voice but I didn’t listen.

“Wala ka pang graduation gift sa—”

I wasn’t able to finish my sentence because Yto—my Yto—kissed me. My eyes were wide at first. Of course! Bakit hindi? He’s my first kiss. I actually reserved my first everything for him.

I want him to be my first boyfriend, first kiss, the first and the last man in my life. I only want Yto Jose Consunji. I love him with all my heart.

“Kiss me back...” he whispered in between his kisses.

“I don’t know how...” I whispered back.

He stopped for a while and looked at me. Akala ko tapos na iyong magical moment, but then he kissed me again. This time I imitated the brush of his lips against mine and a little while later,

we're both gasping for breath.

"That's your gift, Nikita," he said before letting me go. Tumalikod na siya. I was left alone in the middle of the parking lot, my fingers touching my lips, savoring the feel of his warm lips against mine.

First kiss ko si Yto!



Day five thousand four hundred seventy-eight...

I know I wanted him to be my first everything. And that happened. Yto Jose Consunji is really my first everything. As I looked at his sleeping form beside me—on my bed inside my room in a chateau in midtown Paris, France—I asked myself for the hundredth time if I was only dreaming.

I have waited for him for almost twenty years of my life and the joy I felt when 'we' finally happened was indescribable. I moved a little closer to him. Inilagay ko ang ulo ko sa dibdib niya. I put my arms around him. Bakit kaya kahit tulog si Yto ay ang init ng katawan niya? I smiled.

I have given myself to him again that night. Hindi ko na alam kung ilang beses nang nangyari iyon. Masaya naman ako dahil sa kanya. He made me feel special and loved. Sa tingin ko, kahit hindi niya pa sinasabi iyong three-word eight letters na iyon, nararamdam na niya. Hindi naman siya mag-a-act nang ganito kung hindi niya ako mahal.

We've been doing this for a year and a half. Hindi ko na nga alam kung paano nagsimula. I guess that night with the scotch started it all. That was the night when he put his mark on me. Hindi ko maintindihan kung anong mark iyon pero kahit ano pa

iyon, kanya naman talaga ako.

“Hmm...” I heard him moan. Tiningnan ko siya. He opened his eyes and hugged me tighter. “Gising ka pa...”

“Naalimpungatan lang, Yto ko,” I said. He kissed my hair.

“Tulog na. Maaga ka pa bukas. Ihahatid kita doon ’tapos babalik ako ng London. I have exams, you know.” He kissed my hair again. Napapikit ako. Kinikilig talaga ako. Ang sweet ng Yto ko.



Day six thousand two hundred nine...

“You’re breaking up with me?”

I couldn’t stop the tears from falling. Niyakap ko ang mga tuhod ko. I was sitting in the middle of the bed while watching Yto as he gets dressed. He faced me afterwards.

“Hindi. Why would I break up with you? Wala naman tayong relasyon,” malamig na sabi niya.

My mouth parted. Wala kaming relasyon? Wala? Ibinalot ko ang kumot sa katawan ko at saka tumayo. I slapped him—hard. He deserved it.

“Asshole! Wala tayong relasyon, but you... you...”

“Ano? Bakit hindi mo ituloy?” he grinned. “We just f\*cked, Niki. Malungkot ka, nalulungkot din ako, and we found each other. Ang isa’t isa ang naging sandalan natin, but that doesn’t mean na mamahalin na kita. Kaya mo bang tanggapin sa sarili mo na minahal lang kita dahil tayong dalawa ang laging magkasama? Love doesn’t work like that, Nikita!”

“You’re a jerk!” I said in between sobs. I saw him take his coat.

“I’m a Consunji, Niki. Have a good life.”

Tinalikuran niya ako. He left my room. He left me alone. I could feel my heart literally being ripped apart inside my chest. Akala ko ay okay na ang lahat. Everything was perfect but the...

I sat on the floor, crying, feeling so bad for myself. I couldn't believe that Yto broke my heart. On the six thousand two hundred ninth day, he broke my heart and left me. Paris is supposed to be the city of love but now, I'm having doubts about that...